# Lipakin Din ang Aking Mga Palad

Hindi na ako ang batang
Namimitas ng buntot-pusa
O nagugulat na parang pusa
Kapag karakarang tumiklop
Hinihipo kong makahiya
O hinihipan ang mga binting
Sinisibasib ng amorseko.
Gayong bata pa lang ako
Nang simulan kong dangkalin
Ang tubig sa isasaing,
Kusutin ang mantsa at libag
Sa sinasabon kong salawal,
Pasanin ang kasimbigat
Na galong sinalok sa balon.
Nagkatahid ako at itinahip
Sa kamalig ng aming nayon.
Hanggang sa may labuyong
Umaligid at naningalang pugad.
Hinabol akong parang tutubing
Kalabaw na umaalimpapayaw
Sa rabaw ng mga talahib sa parang
Nang maging laksang alitaptap
Na magpupuno ng liwanag
Sa kanyang dampang pawid.
Pagtilaok ng tandang,
Nakabangon na ako sa papag.

Nagkukusot pa ng mga mata
Sa hagdan ang aking bana,
Sumisipol na ang takure,
Umaaso na ang kamote.
Ngunit hindi ko ibig masuga.
Hindi lang ako tagatimpla
Ng malabnaw na kape.
Hindi lang ako tagasulsi
Ng sirang unan at pundiya.
Hindi lang tagapaghatid
Ng pananghalian sa tumana.
Hindi ako nangingiming
Malubog sa putikan.
Hindi ako nadudulas
Pagtulay sa mga pilapil.
Kaya kong magbitbit ng itak
At magbuhat ng araro.
Hindi naliligaw ang ugit
Kapag inarya ko ang kalabaw.
At nang makatikim
Ng kulata militar
Ang aking banang nagbigkis
Sa mga kapwa-may-kapit-na-karit
At nagpaliyab sa mandala,
Nang wiligin ang kanyang dugo
Sa inaagaw sa aming lupa,

Inakyat ko at isinuot sa balyan
Ang kanyang kamisetang
Binutas ng mga bala
Nang lagi't lagi naming maalala:
Kami ang nagpalunti sa binhi,
Kami ang nagpunla sa pinitak,
Kami ang nagpaginto sa uhay.
Paanong hindi namin masusukol
Dagang bukid at dahong palay?
Paanong hindi namin mapipigilan
Salakay ng uwak at limbas?
At sino ang may sabing
Hindi ako maaaring maghasik?
Magdadala lang ng tulyapis?
Lipakin din ang aking mga palad.

# Diorama

Marami kaming babae
Sa loob ng kahon.

May inang umiiyak
Sa tampalasang anak.

May nobyang tropeo
Ng konyong eredero.

May sinasalamangka
Ang plantsahin at labada.

May walang tigil sa paggiling
Sa lansa ng mga tingin.

Marami kaming babae
Sa loob ng kahon

Ng pantasya
Ng maraming maton.

Wala kami roon.

# Sunúran

Lagi na lang ina
Ang buntunan ng sisi
Kapag walang lawit
Ang kanyang isisilang.

Masamang balitang
Kulang na lang
Ay paglamayan,

Mortal na kasalanang
Maghatid
Sa sangmaliwanag
Ng isang palahiang

Hindi mailalatay
Apelyido ng ama,
Kanino man pumisan.

Baka pa maging disgrasyada,
Kung di baog;
Soltera,
Kung di kapulot-pulot.

Kaya't hayaang mangitim
Mga murang labing
Naghahanap ng gatas.

Lalaki rin namang lupaypay,
Mahina ang loob,
Balat-sibuyas.

Sa harap ng hapag
Hayaang maitawid ang gutom
Ng lahat, bago manimot
Ng pispis sa pinggan.

Di naman kailangang
May laman ang sikmura
Kung di rin lang magbabatak

Ng buto. Oo,
Sabihin pang subsob
Sa gawaing bahay.
Di pumipiga ng utak

Para magsunog ng kilay.
Kaya't ipaubaya kina utol
Ang biyaya ng matrikula.

Di kailangan ng diploma
Sa pagbuno
Sa gabundok na labada.
Di kailangan ang matematika

Sa pag-iiskoba
Ng lababo at inodoro.
Tuloy mamasukan

Kung kanino mang amo.
Huwag lumihis.
Magpatali nang maaga,
Mangamuhan

Sa tuntungan ng bana.
Ay! Kung gayon, hindi na.
Hindi na. Hindi na!

Hindi ako inang
Buntunan ng sisi
Kapag walang lawit
Ang isinisilang.

Kasarian ng sanggol,
Bago tubuan ng gulugod,
Upat ng ama.